

MOSES tablet ng DOST, panangga ng LGU laban sa kalamidad

Ni Allan Mauro V. Marfal
S&T Media Service, DOST-STII

Sa panahon ngayon, kritikal ang papel na ginagampanan ng mga makabagong teknolohiya upang makapagsalba ng maraming buhay at ari-arian sa oras ng mga kalamidad at sakuna.

Ito ay batid ng Department of Science and Technology (DOST) at upang mabigyan ng angkop na kagamitan ang mga lokal na pamahalaan para sa mas epektibong paghahanda sa panahon ng mga kalamidad, inilunsad ng DOST noong ika-23 ng Hulyo sa SMX Convention Center, SM Mall of Asia, bilang bahagi ng taunang pagdiriwang ng National Science and Technology Week, ang Mobile Operational System for Emergency Services o MOSES tablet.

Ang MOSES tablet ay may kakayahang makatanggap ng real-time na impormasyon at ulat panahon na nagmumula sa Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (DOST-PAGASA) maging sa Nationwide Operational Assessment of Hazards o Program NOAH.

Ang nasabing tablet ay magsisilbing gabay ng mga lokal na pamahalaan upang mabigyan ng sapat na kaalaman hinggil sa kalagayan ng panahon at makapagbigay ng tamang datos para sa mas epektibong hakbang sa panahon ng mga kalamidad.

Bagama't ang MOSES tablet ay isang uri ng tablet computer, ito ay hindi maaaring gamitin sa ibang pamamaraan gaya ng pagdownload ng iba't ibang computer applications.



Si Program NOAH Executive Director Alfredo Mahar Lagmay at DILG NCR Director Renato Brion sa isinagawang paglulunsad ng MOSES tablet na siyang magsisilbing kasangkapan ng mga lokal na opisyal partikular sa mga barangay upang makakuha ng tama at mabilis na impormasyon tungkol sa lagay ng panahon at pagbaha para sa tamang aksyon sa panahon ng kalamidad. (Kuha ni Allan Mauro V. Marfal, S&T Media Service)

Ayon kay DOST Assistant Secretary Raymund E. Liboro, plano ng DOST na maipamahagi ang 150 na tablet sa iba't ibang barangay sa Kalakhang Maynila para sa pilot testing.

Ang lokal na disenyo na 8-inch tablet ay nagtataglay rin ng mga chipset at circuit board upang masigurado ang pagkakaroon ng service support ng bawat unit nito. Bahagi rin ng tablet na ito ang dual SIM function,

telebisyon, radyo at baterya na kung saan tumatagal ito hanggang tatlong araw.

Ang MOSES ay nagtataglay ng mga datos na nakukuha mula sa mga Doppler radar, water level sensor at mga rain gauge na nakakalat sa mga pinakakritikal na lugar at malapit sa mga tinukoy na 18 river basin ng bansa. Dagdag pa rito ang mga hazard map na nagpapakita ng mga pagbaha sa mga natukoy na lugar. (Impormasyon mula kay Rodolfo De Guzman, S&T Media Service, STII).

Mga Nilalaman

| | |
|---|----|
| “Smartest kids” nakipagsagupaan sa science skills competition ng DOST | p3 |
| MSMEs pauunlarin ng online business..... | p4 |
| DOST ipinarada ang mga natatanging iskolar ng bayan..... | p4 |
| Larawan News..... | p4 |

DOST tinalakay mga bagong oportunidad sa IT-BPM

Ni Allan Ace Aclan
S&T Media Service, DOST-STII

Mga trabaho at oportunidad na kumita sa larangan ng Information Technology at Business Process Outsourcing ang tinalakay sa “Information Technology Business Process Management Career Forum” na inorganisa ng Department of Science and Technology (DOST) kamakailan sa SMX

Convention Center, SM Mall of Asia, Lungsod ng Pasay.

Bilang bahagi ng pagdiriwang ng National Science and Technology Week 2013, ang nasabing aktibidad ay naglalayong bigyang-gabay ang mga mag-aaral, bagong graduate, at maging ang mga propesyonal sa mga trabaho at oportunidad

“Smartest kids” nakipagsagupaan sa science skills competition ng DOST



Ni Joy M. Lazcano
S&T Media Service, DOST-STII

Mahirap ngunit puno ng saya ang paghaharap ng mga estudyante mula sa sampung elementary school upang hirangin kampion sa nakaraang “Smarter Kids, Smarter Scientists: The Ultimate Clash of Science Smarts” ng Department of Science and Technology (DOST) na ginanap noong Hulyo 24 sa Manila Ocean Park.

Ang kompetisyon ay bahagi ng Expo Science 2013 na ginanap noong Hulyo 23-27, 2013 sa SMX Convention Center, SM Mall of Asia Complex at inorganisa ng Science Education Institute ng DOST (DOST-SEI) sa pakikipagtulungan ng Manila Ocean Park.

Sa pagtatapos ng huling yugto, tinanghal na kampion ang Baclaran Central Elementary School, habang pumangalawa ang C. P. Sta. Teresa Elementary School at sinundan naman ng Centex Manila. Ang mga nasabing paaralan ay tumanggap ng P10,000 at trofeo para sa kampion at P7,000 at P3,000 at mga trofeo naman para sa ikalawa at ikatlong pwesto. Samantala, ang Silahis ng Katarungan Elementary School at Pamplona Elementary School naman ay nakatanggap ng P2,000 bawat isa para sa ika-apat at ikalimang puwesto.

Ayon kay DOST-SEI Director Filma Brawner, ang “Smarter Kids, Smarter Scientists: The Ultimate Clash of Science Smarts” ay naglalayon na bigyan ang mga kabataan ng mga praktikal na kaalaman sa siyensya na kanilang magagamit sa pangaraw-araw.

“By sparking the interest of the students, we may lead them in choosing careers in the field of science in the future, who will lead

Masusing pinag-aaralan ng mga kalahok ang tamang timplang asin upang mapalutang ang isang itlog sa loob ng basong puno ng tubig sa larong tinaguriang “Egg on the Rise.” Ang palaro ay isa lamang sa mga kaganapan sa nakaraang Smarter Kids, Smarter Scientists: The Ultimate Clash of Science Smarts na inorganisa ng Science Education Institute-DOST para sa katatapos lamang na National Science and Technology Week na kinilalang Expo Science 2013 sa Manila Ocean Park. Ang kompetisyon, na naglalayong magturo ng mga mahahalaga at praktikal na kaalaman sa siyensya ay nilahukan ng 10 elementary school sa Kalakhang Maynila. (Larawan mula kay Gerardo Palad, S&T Media Service, STII)

us toward building a Smarter Philippines,” paliwanag ni Dir. Brawner.

Ang mga lumahok ay nakipagtagisan sa pitong yugto ng mga palaro kung saan sinubok ang mga kakayahan sa tamang pag-iisip, katatagan, mapamaraan, at pagiging masiyahin sa gitna ng mga pagsubok.

Kabilang sa mga palaro ay ang “Steady Hand” na kung saan ang mga lumahok ay sinubok ang kanilang pasensya at hand-eye coordination upang igiya ang metal loop sa pakurbang alambre na hindi sumasayad dito. Kasunod nito ay ang “Dimaryp” kung saan magtatayo ng isang pabaliktad na pyramid gamit ang mga lata ng soda. Samantala, ang “Pencil Chase” naman ay isang laro na kung saan kailangang saluhin sa pamamagitan ng isang kamay ang mga lapis. Ang “Popsi Puzzle” naman ay laro na nangangailangan sagutin ang mga pattern problem sa pamamagitan ng paggalaw ng ilang bahagi. Ang “Egg on the Rise” naman ay ang pagpapalutang ng itlog sa tubig gamit ang pangkaraniwang asin, habang ang “Candy Taxonomy” ay kinakailangang pagsama-samahin ang iba’t ibang uri ng mga candy ayon sa kulay at hugis nito. At para sa ikahulug yugto, ang “Matchstick Clay Table” ay nangangailangan na makagawa ng isang matibay na lamesa gamit ang mga palito ng posporo at bara ng clay.

Ayon kay Jochelle Jacinto, Grade 6 student ng Pamplona Elementary School, “My

classmates and I find the games exhilarating and fun especially the “Dimaryp” game.”

Para naman kay Summer Constantino ng C.P. Sta. Teresa Elementary School sa Bagumbayan, Taguig City, ang kompetisyon ay mas mahirap pa sa kanyang inasahan.

Kabilang sa mga lumahok na elementary school ay ang Jose Rizal, Daniel Fajardo, Bagong Tanyag, Andres Bonifacio, at Sun Valley na pawang mga paaralan mula sa Kalakhang Maynila.

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD
Editor-in-Chief

JOY M. LAZCANO
Copy Editor

JAMES B. INTIA
Layout

JUDITH L. SABLAN
Proofreader

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng institusyon ng impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 loc. 2148

MSMEs pauunlarin ng online business

Ni Allan Mauro V. Marfal
S&T Media Service, DOST-STII

“Dalhin ang mga produkto at serbisyo sa internet upang makilala ito sa pandaigdigang merkado,” iyan ang mensaheng nais iparating ng Department of Science and Technology (DOST) sa mga Micro, Small and Medium Enterprises (MSMEs) sa bansa.

At upang bigyang-kaalaman ang sektor ng MSMEs hinggil sa mga benepisyong dulot ng internet sa pagpapalago ng negosyo, isang talakayan ang inihandog ng mga ahensya ng DOST na kinabibilangan ng Information and Communications Technology Office (DOST-ICTO) at Science and Technology Information Institute (DOST-STII) na pinamagatang “Biz on the Web Forum” kamakailan sa SMX Convention Center, SM Mall of Asia, Lungsod ng Pasay.

Layunin ng talakayan na ibahagi ng mga kinikilalang online company gaya ng Islandrose.net, DigitalFilipino.com, Shopinas.com, Air21, at OurawesomePlanet.com ang mga mahahalagang kaalaman sa pagpapaulad ng negosyo gamit ang internet.

Ani DOST Undersecretary at kasalukuyang Executive Director ng ICTO na si Louis Napoleon Casambre, “E-Commerce widens the MSMEs’ reach, expands their marketing channels as they grow their business through social media and the web.”

Ayon naman kay Dustin Andaya pinuno ng Islandrose.net—ang isa sa mga kinikilalang online flower delivery site—ang mga online



Ibinabahagi ni Dustin Andaya ng Islandrose.net (pangatlo mula kaliwa) sa talakayang Biz on the Web Forum ang mga paraan upang mapalago ang negosyo gamit ang mga makabagong teknolohiya at internet. Layunin ng naturang talakayan na hikayatin ang mga nasa sektor ng MSME na pag-aralan ang paggamit ng mga makabagong teknolohiya at internet upang maabot at mas makilala ang mga produkto o serbisyo sa pandaigdigang merkado. Kasama rin sa larawan sina (mula kaliwa) Abe Olondres ng Yugatech.com, Theresa Eisma ng Air21, at Sheila Lina ng Shopinas.com (*Kuha ni Allan Mauro V. Marfal*)

resource at management strategy katulad ng process automation, outsourcing at cloud computing ay makatutulong upang maabot ang mga mamimili kahit saang bahagi man ng mundo.

Ang process automation ay ang proseso ng pag-gawa na ginagamitan ng mga computer software upang mapabilis at maging standard ang bawat produkto o serbisyo na ibinibigay ng isang kumpanya habang ang outsourcing naman ay tumutukoy sa pag-angat ng mga produkto mula sa ibang supplier na nakabase sa malalayong lugar. Samantala, ang cloud computing ay isang praktikal na computer system kung saan ang mga computer software

at application ay nakalagak sa isang network na maaaring gamitin kung kinakailangan. Sa pamamagitan ng cloud computing, hindi na kakailanganing magmantini ng mga kumplikadong computer system.

Maliban kay Andaya, nagsilbing tagapagsalita rin sa nasabing talakayan sina Janette Toral ng DigitalFilipino.com, Sheila Lina ng Shopinas.com, Abe Olondres ng Yugatech.com, Theresa Eisma ng Air21, at Anton Diaz ng OurawesomePlanet.com.

Ang “Biz on the Web Forum” ay isa lamang sa mga itinampok na talakayan sa nakaraang National Science and Technology Week 2013.

DOST tinalakay... Mula sa pahina 1

na naghihintay sa larangan ng Information Technology-Business Process Management (IT-BPM).

Maliban dito, nais ding ipahatid ng talakayan na mayroon ding ibang uri ng serbisyong iniaalok ang industriya ng IT-BPM maliban sa call center gaya ng game development, animation, at health information management.

Ang talakayan na pinamagatang “Build Your Startup or Get Hired,” ay nahahati sa dalawang programa: Ang Startup Forum na tumatalakay kung paano magsimula ng negosyo gamit ang internet at IT-BPM career talk, kung saan tinalakay ang mga posibleng trabaho na matatagpuan sa IT-BPM.

Ayon kay Louis Napoleon Casambre, DOST Undersecretary at Executive Director ng Information Communication Technology Office, ang lokal na IT-BPM ay nakapagpa-angat ng ekonomiya ng bansa

at ngayon ay nangunguna bilang pinakamahasay na voice at non-voice service provider sa buong mundo sa nagdaang taon.

“The IT-BPM career talk indicated that other IT-BPM sectors such as animation, game development, health information management, and software development are quickly catching up with the popularity and capability of call centers,” pahayag ni Usec. Casambre.

Ayon naman kay Alvin Juban, pangulo ng Game Developers Association of the Philippines, ang Pilipinas sa kasalukuyan ay mayroong humigit-kumulang na 4,000 na mga game developer kabilang ang mga motion graphics, motion capture, sound design, conceptualization at mga game quality assurance specialist.

Sa kasalukuyan, mayroong Human Development Facility na ipinatayo sa pakikipagtulungan ng Pamahalaan ng South Korea sa pamamagitan ng Korea International Cooperation Agency at Department of National Defense upang iangat

ang kakayahan ng mga Filipino sa larangan ng animation at game development.

Samantala, ipinaliwanag ni Dr. Josefina V. Lauchangco, pangulo ng Health Information Management Outsourcing Association of the Philippines (HIMOAP) na malaki ang maitutulong ng pagkakaroon ng background sa larangan ng medisina sa paghahanap ng trabaho sa sektor ng Health Information Management (HIM) bilang medical transcriptionist.

Ayon pa sa kanya, mayroong humigit-kumulang na 43,000 na mga nurse ang namamasukan bilang medical transcriptionist sa mga kasaping kumpanya ng HIMOAP nitong nakaraang taong. Inulat din niDr. Lauchangco na nais ng sektor na pataasin ang bilang ng mga empleyado ng hanggang sa 100,000 pagdating ng 2016.

Sa kabilang dako, nilinaw naman ni Dr. Lauchangco na maari pa ring makapagtarabaho sa sektor ng HIM kahit walang karanasan sa industriya ng health care.

DOST ipinarada ang mga natatanging iskolar ng bayan

Ni Joy M. Lazcano

S&T Media Service, DOST-STII

Isang hapong puno ng pagpupugay ang naganap nang iniharap kamakailan ng Department of Science and Technology (DOST) ang mahigit 350 na natatanging DOST scholar sa ilalim ng iba't ibang scholarship program nito na naglalayong palakasin ang human resource capability ng bansa sa larangan ng siyensiya, matematika at engineering.

Tinipon ng Science Education Institute (DOST-SEI) ang mga natatanging DOST scholar na nagsipagtapos sa taong ito upang kilalanin at parangalan sa kanilang matagumpay na pagtatapos sa pamamagitan ng isang pagdiriwang na tinawag na "In Touch With Excellence" na ginanap sa Hyatt Regency Hotel, Malate, Maynila nuong ika-26 ng Hulyo.

Sa pamamagitan ng iba't ibang scholarship programs tulad ng DOST-SEI Merit Scholarship Program, RA 7687 Scholarship Program o ang S&T Scholarship Act of 1994, Accelerated S&T Human Resource Development Program (ASTHRDP) para sa mga propesyonal na nagnanais makakuha ng titulo sa masters o doctors, at Engineering Research and Development for Technology (ERDT), ang mga mag-aaral at maging ang mga propesyonal ay maaari ng makapagtapos ng pag-aaral sa mga itinakdang kurso na may kinalaman sa siyensiya, matematika at engineering.

Ipinarada at ipinagmalaki ng mga graduate-scholar ang kanilang mga medalya o plake na sumasalamin sa kanilang pagsisikap sa ginanap na awarding ceremony na pinangunahan ni DOST Undersecretary for S&T Promotions Fortunato T. De la Peña.

May 225 na iskolar ang nagtapos sa taong 2012-2013 sa ilalim ng Merit Scholarship Program kung saan 64 ang nagkamit ng iba't-ibang parangal. Tatlo ang nagtapos bilang



Iprinisinta ng DOST ang mga natatanging scholar na nagsipagtapos sa taong ito sa pamamagitan ng "In Touch with Excellence". (Kuha ni Gerardo Palad, S&T Media Services, STII)

summa cum laude, 13 ang magna cum laude, habang 47 ang cum laude, at isa ang honourable mention. Mayroon ding apat na iskolar ang nakatapos ng mas maaga sa itinakdang panahon. Sila ay nakatanggap ng medalya at ang kabuuan ng kanilang stipend.

Pinakamaraming bilang naman ng mga nagtapos noong nakaraang school year ay nagmula sa programang RA 7687 o ang S&T Scholarship Act of 1994.

Kabilang dito ang anim na summa cum laude, 60 na magna cum laude, at 229 na cum laude. Mayroon ding apat na scholar ang nagtapos at nagkamit ng academic distinction, lima na mayroong honourable mention, habang tatlo naman ang nakatapos ng mas maaga sa itinakdang panahon.

Sa kabilang dako, ang mga nagsipagtapos sa ilalim ng ASTHRDP ay 115 na graduate-scholar mula sa mga graduate study program at 37 mula sa post-graduate. Sa bilang na ito,

siyam ang cum laude habang isa naman ang nakatanggap ng Academic Excellence Award.

Sa kanyang talumpati, inihayag ni Usec. De la Peña na ang mga karatig bansa gaya ng Vietnam ay agresibo sa pagpapa-angat ng bilang ng mga nagtapos sa larangan ng science at engineering.

Kanya ring binigyang-diin ang pangangailangan ng bansa na palakasin ang kapabilidad ng mga nagsisipagtapos sa kolehiyo upang mapaangat ang antas ng ekonomiya at kakayahan sa pandaigdigang merkado.

Sa dakong huli ay pinuri ni Usec. De la Peña ang mga pagsisikap ng pamahalaan na palakasin ang kakayahan ng mga tao sa pamamagitan ng mga scholarship program na gaya ng ibinibigay ng DOST. Masaya rin niyang ibinahagi ang pagdami ng bilang ng mga mag-aaral na sumasailalim sa scholarship program ng DOST.



LarawaNEWS

Pinangunahan nina DOST Secretary Mario G. Montejo (pangalawa mula sa kaliwa) at Senador Loren Legarda ang pagdiriwang ng National Science and Technology Week (NSTW) sa SMX Convention Center, SM Mall of Asia, Lungsod ng Pasay. Tampok sa nasabing pagdiriwang ang iba't ibang exhibit at talakayan hinggil sa siyensiya, teknolohiya, at inobasyon na kinakailangan upang umangat ang ekonomiya ng bansa. Ang NSTW ay taunang pagdiriwang na naglalayong paunlarin ang kaalaman ng mamamayan tungkol sa siyensiya at teknolohiya. Kasama sa larawan ay sina dating DOST Secretary William Padolina (pang-apat mula kaliwa) at DOST Undersecretary for S&T Promotions Fortunato T. De la Peña. (Kuha ni Ceajay Valerio, S&T Media Service, STII)